

American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)

e-ISSN: 2378-703X

Volume-4, Issue-4-pp-200-209

[www.ajhssr.com](http://www.ajhssr.com)

Research Paper

Open Access

## SALIK SA PAGTUTURO NG LI ( Katutubong Wika ) AT L2 ( Wikang Filipino )

Rowena C. Largo, EdD

*Departamento ng Filipino Cebu Normal University*

**Abstract-** The objective of this study is to analyze the problem that is related in planning, preparation and the importance of learning and teaching the mother tongue and the second language so that it will be use continuously, strengthen, develop and preserve the identity of the mother tongue and the second language. Using the qualitative method to analyze descriptively the data gathered according to Gay, et al ( 2006 ) to give objectivity and meaning of every problem. The results of the study concluded that it easier to teach the second language ( Filipino ) because its commonly used, teachers had enough experience in using and teaching the language, had enough instructional materials to use, there's enough support from the government and there's a constitution that orders to used it in teaching while in the mother tongue, the teachers are not that ready because they don't have enough experience in teaching, lack of instructional materials and it is taught only in grades 1 to 3 and it needs further study in preparing and starting to teach that needs more improvement and emphasis because it here we base the strength of learner's learning in the mother tongue.

**Keywords:** factor, teacher, teaching, mother tongue, Filipino language

**Abstrak-** Layunin ng pag-aaral na ito na mailahad ang mga suliranin na sangkot sa pagpapalano, paghahanda at kahalagahan ng pagkatuto at pagtuturo ng unang wika at pangalawang wika upang patuloy na magamit, mapaingting, mapaunlad at mapreserba ang pagkakakilanlan ng sariling wika ( Katutubong wika ) at pangalawang wika. Gumamit ng Qualitative method disenyo ng deskriptibo na ayon kay Gay, et al ( 2006 ) ng pamamaraang palarawan upang mabigyang katiyakan at kahulugan ang bawat suliranin. Sa kabuuan ng pag-aaral ay higit na madali ang pagtuturo ng pangalawang wika ( Filipino ) sa kadahilanang matatag na ang wika, may sapat na karanasan ang mga guro, may angkop na kagamitang pagtuturo na gagamitin, malawak ang suporta ng pamahalaan at may konstitusyon na nagbibigay kautusan sa paggamit sa pagtuturo samantalang ang unang wika ( katutubong wika ) ay hindi pa gaanong handa ang mga guro dahil salat pa sa karanasan at kulang pa sa angkop na kagamitang pagtuturo, at itinuturo lamang sa una hanggang ikatlong baitang at kinakailangan pagtuunan pa ng pansin ang paghahanda at pagsisimula sa pagtuturo na nangangailang pang paunlarin at paingting dahil dito nakabatay ang kalakasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa unang wika.

**Susing- salita:** salik, guro, pagtuturo, katutubong wika, wikang Filipino

### I. INTRODUCTION

Ang wika ay sentro ng pakikipagtalastasan na mabisang kasangkapan ng tao sa pakikipag-unawaan sa kapwa. Ito ay biyang galing sa Diyos upang iparating ng tao ang kanyang iniisip, nadarama, nakikita at narararanasan sa kapaligirang ginagalawan, daan sa pakikipagsapalaran at pagsulong ng bansa sa iba't ibang aspeto sa buhay. Isang makataong pamamaraan ng paghahatid ng mga kaisipan, damdamin at mga hangarin sa pamamagitan ng isang kaparaanang lumikha ng tunog. Ayon kay San Buenaventura ( 1985 ) “ Ang wika ay isang larawang binibigkas at isinusulat na isang kahulugan, taguan, imbakan o deposito ng kaalaman ng insang bansa.” Ingat yaman ng mga tradisyong nakalagak dito na masasabi na ang wika ay kaisipan ng isang bansa kaya't kailaman ito ay tapat sa pangangailangan at mithiin ng sambayanan.

Taglay ng tao ang unang wika ( katutubong wika at pangalawang wika na ginagamit sa pakikipagtalastasan. Ang unang wika na natutuhan ng isang tao mula sa kanyang kapanganakan at batayan ng pagkakakilanlang sosyologgwista ang unang wika ng isang tao. Ang wika ng mga katutubo ay pagkakakilanlan o *identity*. Ang mga wikang katutubo rin ay yaman ng ating kultura at kaluluwa ng mga katutubong Pilipino at ng lahing Pilipino. Ang pangalawang wika ay tumutukoy sa alinmang wikang natutuhan ng isang tao matapos niyang maunawaang lubos at magamit ang kanyang sariling wika o ang kanyang unang wika. Ito ay

pangalawang wika sa panahon ng kanyang pagkatuto. Ang pagkatututo ng isang wika ay nangangahulugan ng pagtamo ng kaugaliang pagsasalita at pagsusulat ng wika. Masasabing natutuhan na ang isang tao ang wikang kanyang pinag-aaralan kung nagagamit niya nang magaan ang mga tunog at paterno sa lahat ng kanyang pangangailangang pagsasalita at pagsusulat. Ayon kay Harold B. Allen may walong pangunahing simulain ng linggwistika sa wika. Ang wika ay isang sistema o kaparaanan na may katangiang pangkayarian, may kaanyuan at may pagkakasunod-sunod, ang wika ay pabigkas huwag magsimula sa mga titik at pagbasa, ang wika ay binubuo ng mga piling sagisag, walang wikang magkapareho, ang wika ay binubuo ng mga kaugalian kaya kailangan ng pagsasanay, ang wika ay para sa pagkakaunawaan kaya kailangan ang pakikinig at ang pagsusuri ng nakikinig, ang wika ay kaugnay ng kalinangan ng lugar na pinanggalingan, at ang wika ay nagbabago o may pagpapalit, mga kahandaan na dapat paghandaan bago ituro, pagtutunan ng pansin ng mga mananaliksik ang tungkol sa kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng unang wika at pangalawang wika, pagsasagawa ng pagtuturo ng una at pangalawang wika at epekto sa pagkatuto at pagtuturo sa una at pangalawang wika na ilan lamang sa mga suliranin ng mga guro sa pagkatuto at pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng pamamaraang palarawan upang mabigyang katiyakan at kahulugan ang bawat suliranin. Nakaangkla ang pag-aaral sa palarawang pamamaraan na nagbibigay tuon sa paglalarawan ng mga sagot ng kalahok ayon sa panukat na ibinigay. Dalawampung guro ang pinasagot sa tseklist; walo (8) sa Talisay Elementary School, Talisay City, walo (8) sa San Isidro Elementary School, Talisay City at siyam (9) sa Marigondon Elementary School, Lapu-Lapu City. Ginamit ang nirebisang tseklist upang malaman ang saloobin at damdamin ng bawat guro. Ang nirebisang tseklist ay mula kina Trish Kerns at Marilyn Knight- Medelson (2006) upang makuha ang kabuuang sagot sa mga kalahok ng pag-aaral ay ginamit ang bahagdan. Matapos mabilang ay isinagawa ang pagbibigay ng interpretasyon sa tulong ng talahanayan.

## II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang layunin ng pag-aaral ay nakatuon sa kinakaharap ng guro sa pagtuturo kung saan nagsasagawa bago ituro ang una at pangalawang wika, pagsasagawa ng pagtuturo ay dito inilalahad ang simulain ng pagtuturo ng una at pangalawang wika at epekto ng pagtuturo sa unang wika at pangalawang wika bago magturo, pagsisimula sa pagtuturo at pagkatapos magturo at ang tugon ng mga guro.

## III. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng Qualitative Method nadisenyong deskriptibo na ayon kay Gay, et al (2006) ng pamamaraang palarawan upang mabigyang katiyakan at kahulugan ang bawat suliranin. Nakaangkla ang pag-aaral sa palarawang pamamaraan na nagbibigay tuon sa paglalarawan ng mga sagot ng kalahok ayon sa panukat na ibinigay. Ang mananaliksik na nagsagawa ng pag-aaral, una ay nagtungo sa tatlong paaralan at nanghingi ng pahintulot sa punong-guro na makapagsagawa ng pag-aaral. Pangalawa ay pinulong ng mananaliksik ang mga guro sa bawat paaralan na nagtuturo ng unang wika at pangalawang wika. Pangatlo, ipinaliwanag para saan ang isinasagawang pag-aaral, ang mga guro ay kinapanayam at pinasagot sa tseklist hinggil sa kanilang pagtuturo sa una at pangalawang wika. Dalawampung limang guro ang pinasagot sa tseklist para sa unang wika at pangalawang wika; walo (8) sa Talisay Elementary School, Talisay City, walo (8) sa San Isidro Elementary School, Talisay City at siyam (9) sa Marigondon Elementary School, Lapu-Lapu City. Ginamit ang nirebisang tseklist upang malaman ang saloobin at damdamin ng bawat guro. Ang nirebisang tseklist ay mula kina Trish Kerns at Marilyn Knight- Medelson (2006) upang makuha ang kabuuang sagot sa mga kalahok ng pag-aaral ay ginamit ang bahagdan. Matapos mabilang ay isinagawa ang pagbibigay ng interpretasyon sa tulong ng talahanayan.

## IV. PAGLALAHAD AT PAGSUSURI NG DATOS

Inilalahad sa bahaging ito ang nakalikom na datos na makikita sa Talahanayan 1

### Pagtuturo ng Unang Wika

Ang bahaging ito ay binubuo ng tatlong talahanayan upang malinaw na maipakita ang pagkakaiba ng pagtuturo at pagkatuto ng unang wika sa tatlong paaralan ng elementarya sa siyudad at probinsya ng Cebu. Ang talahanayan ay binubuo ng tatlong bahagi; a) Bago Magsimulang Magturo, b) Pagsisimula sa Pagtuturo, at c) Pagkatapos ng Pagtuturo. Ang pag-aaral ay gumamit ng panukat ng sagot na may leyenda na 3 – malinaw na malinaw na ipinapakita, 2 – katamtamang ipinapakita at 1 – hindi ipinapakita.

### Bago Magsimula Magturo

Sa talahanayang ito malinaw na malinaw ipinapakita na nangunguna ang aytem 3 at 6 na nakakuha ng labinglima (15) ang sumagot na sangkot ang administrasyon, mga magulang at komunidad at nagbibigay ng sapat na serbisyo sa mga magulang ang pagtuturo ng unang wika. Isinasaad lamang na tanggap ng administrasyon, magulang at komunidad ang pagtuturo ng wika. Hindi naman nalalayo ang aytem 4, 5 at 9 na nakakuha ng labing-apat (14) na patunay na ang mga guro sa unang wika ay may sapat na kakayahan at

kaalaman bago pa man sumabak sa pagtuturo. Malaki rin ang naitutulong sa madaliang pagtuturo at pagkatuto sa kasapatan ng kagamitang ginagamit sa pagtuturo. Mayroong labintatlo (13) naming gurong gumagamit ng audio-lingual method sa pagtuturo upang magkaroon ng kahasaan ang mga mag-aaral sa pagkigkas ng unang wika. Samantalang ang natitirang apat na aytem tulad ng 1, 8, 2 at 7 ay malinaw na malinaw na ipinapakita na sa dalawampung kalahok sa pag-aaral ay hindi ito masyadong ipinapamalas at pinaghahandaan sa pagtuturo ng unang wika.

Habang katamtamang ipinapakita sa talahanayan na nangunguna ang labinlima (15) na angkop ang teknolohiya sa pagtuturo ng wika kaya malaki ang naitutulong nito sa pagkatuto. Halos magkakapareho ang karanasan ng mga guro sa mga natitirang aytem tungkol sa oras at kagamitang pampagtuturo. Hindi ipinapakita ng mga guro nab ago magsimulang magturo ay hindi sila handa sa paggamit ng unang wika maliban sa limang sumagot na sapat na oras ang pagtuturo ng wika.

**Talahanayan 1**  
**Pagtuturo ng Unang Wika**

	Malinaw na Malinaw na ipinapakita 3	Katamtamang Ipinapakita 2	Hindi Ipinapakita 1
<b>A. Bago Magsimulang Magturo</b>			
1. May sapat bang karanasan ang guro sa pagtuturo ng unang wika.	12	12	1
2. Sapat na oras sa pagtuturo ng unang wika	9	11	5
3. Sangkot ba ang administrasyon, mga magulang at komunidad.	15	9	1
4. May kakayahan na makipagtulungan sa pagtuturo sa kapwa.	14	11	1
5. Gumagamti ng bagong kaalaman	14	11	1
6. Nagbibigay ng sapat na serbisyo sa mag-aaral.	15	10	
7. Angkop ang teknolohiya sa pagtuturo	9	15	2
8. Dapat malaman ang uri ng silid na paggagamitan.	12	13	3
9. May mga kagamitang pagtuturo na magagamit sa pagtuturo.	14	11	2
10. Gumagamit ng audio-lingual method para mahasa sa wastong bigkas	13	11	1
			1
<b>B. Pagsisimula sa Pagtuturo</b>			2
1. Kilalanin o pangkatin ang mag-aaral sa katatasan sa unang wika	9	14	
2. Bumuo ng banghay-aralin	18	4	
3. Pagbibigay gawain sa mga mag-aaral na magbibigay tuon o atensyon sa mga mag-aaral sa layunin ng paksa na sa kanayan o bokabularyo na mag-uugnay sa paksa.	18	5	
4. Paglalahad ng layunin hinggil sa paksang tinatalakay.	8	16	
5. Pagbibigay ng bagong kalamayan sa unang wika para sa komprehensyon	11	13	
6. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataon na makapagsanay sa mga bagong kaalaman na natutunan.	16	7	
7. Gumagamit ng istratehiya sa pakikinig	16	9	
8. Gumagamit ng istratehiya sa pagsasalita	16	9	
9. Gumagamit ng istratehiya sa pagbabasa	14	11	
10. Gumagamit ng istratehiya sa pagsusulat	14	11	2
11. Gumagamit ng iba't ibang kagamitan gaya ng ( aural, oral, visual, kinesthetic) para sa mga mag-aaral.	17	18	2
12. Pagbibigay ng kasanayan upang masukat ang kakayahan ng bawat mag-aaral kung nakamtam ba ang pagkatuto ayon sa layunin ng paksa.	17	8	2
13. Ang mga mag-aaral ay gumagamit ng unang wika sa iba't ibang sitwasyon.	12	11	
14. Ginagamit ang una at pangalawang wika sa pakikipagtalastasan sa loob ng klase.	12	10	2
15. Ang mga gawain sa pagtuturo ng unang wika ay iniugnay sa			

kultura para lalong maging makabuluhan	14	9	
C. Pagkatapos ng Pagtuturo			
1. Pagbibigay ng takdang-aralin na makatutulong sa pagkatuto ng unang wika.	15	8	
2. Pagtatala ng mga mithiin ng bawat mag-aaral kung naisakatuparan ang mga gawain.	6	19	
3. Pagbibigay ng karagdagang gawain na makatutulong sa mabilisang pagkatuto.	15	10	1
4. Inilalahad ang tungkulin ng isang guro sa pagtuturo ng wika.	11	14	
5. Binigbigyang- patnubay ang mga mag-aaral sa kanilang tungkulin sa pagkatuto ng unang wika.	16	8	2
6. Sa pagtuturo ng una at pangalawang wika ay nahahasa ang mga mag-aaral sa pag-aanalisa, sintesis at pagsusukat.			2
7. Bawat mag-aaral ay minomonitor ang antas ng pagkatuto ng unang wika.	11	12	1
8. Pagtatasa ng kakayahan sa antas o lebel ng pagkatuto.	8	15	3
9. Magkaroon ng rebisyon sa tulong ng kapwa guro kung kinakailangan upang lalongmaging makabuluhan ang pagtuturo ng unang wika	13	11	
10. Handang mag-aral sa mataas na antas at dumalo sa mga seminar na magbibigay ambag sa karagdagang pagkatuto at pagtuturo sa unang wika.	13	9	3
	18	4	

Legend:

3- Malinaw na malinaw na ipinapakita

2- Katamtamang ipinapakita

1- Hindi ipinapakita

#### Pagsisimula sa Pagtuturo

Kapansin-pansin na hindi nagkakalayo ang mga sagot ng mga kalahok sa bahaging ito. Malinaw na malinaw na ipinapakita na labingwalo (18) sa mga kalahok ay gumagawa ng banghay-aralin ang mga guro at nakabatayang mga gawain na inihanda sa mga mag-aaral upang matamo ang mga layunin ng paksang-aralin. Sinundan naman ito ng labimpito (17) kalahok na sumagot na gumagamit talaga ang mga guro ng iba't bang kagamitan para sa madaliang pagkatuto ng pagbigkas gayon din ang pagbibigay kasanayan sa mga mag-aaral upang masukat ang kakayahan na nakatatamo ng layunin ng paksa. Malinaw na malinaw ring ipinapakita na sa apat na makrong kasanayan ay labing-anim (16) ang gumagamit ng estratehiyang pakikinig at pagsasalita kaysa pagbabasa at pagsusulat na nakakuha lang ng labing-apat.

Samantalang katamtamang ipinapakitang gumagamit ng iba't ibang kagamitan ang mga guro sa unang wika. Sinundan naman ng labing-anim sa mga guro ang naglalahad ng layunin bago talakayin ang paksa. Mas maraming naniniwalang katamtamang ipinapakita ang mga natitirang aytem ng talahanayan ito, bagay na nagsasaad na ginagawa ang mga ito ng iilan sa mga kalahok ng pag-aaral. Hindi naman ipinapakita ang iilan sa pagsisimula ng pagtuturo at aytem 7 hanggang 12 ay hindi kailanman ginawa ng mga guro sa pagtuturo ng unang wika.

#### Pagkatapos ng Pagtuturo

Malinaw na malinaw na ipinapakita sa talahanayan 3 na pagkatapos ng pagtuturo, labingwalo (18) sa mga kalahok ang handang mag-aral sa mataas na antas at dumalo ng sa mga seminar ang mga guro ng unang wika. Ibig sabihin nito ay bukas ang isip ng mga guro sa bagay na ito upang mapalawak pa ang kanilang kaalaman hinggil sa pagtuturo. Sinundan ng labing-anim (16) sa mga kalahok ang naglahad ng kanilang tungkulin sa pagkatuto ng wika upang magkaroon ng patnubay ang mga mag-aaral sa nais na matutunan sa unang wika. Pangatlo naman ang labinlima (15) sa mga guro ang nagbibigay ng karagdagang gawain na makatutulong sa mabilisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nangangahulugang ang pagkatuto ng unang wika ay hindi lamang nagtatapos sa silid-aralan bagkus tuloy-tuloy ang proseso nang gayon matamo ang mabilisang pagkatuto.

Habang labing-siyam (19) sa mga kalahok ang katamtamang ipinapakita na nagtatala ng mga mithiin kung naisakatuparan ang mga gawain. Isinasaad na marami sa mga kalahok ang hindi masyadong nagtatasa sa mga mithiing natamo sa pagtuturo ng unang wika. Pumapangalawa naman ang labinlima (15) sa mga kalahok ang naniniwalang nahahasa ang mga mag-aaral sa pag-aanalisa, sintesis at pagsusukat matapos ang pagtuturo ng

unang wika. Pangatlo ang labing-apat (14) na kalahok na nagbibigay ng karagdagang gawain para sa mabilisang pagkatuto ng mga mag-aaral. Sadyang sa bahaging ito, halos hindi nalalayo ang mga sagot ng mga kalahok, bagay na katamtamang ipinapakita ang mga ito pagkatapos magturo ng unang wika. Kukunti lang sa mga kalahok ang sumagot sa hindi ipinapakita ang mga bagay na ito at walang kalahok na sumagot sa aytem 2, 3 at 4. Patunay lamang na talagang iniisip ng mga guro ang mabilisang pagkatuto ng mga mag-aaral nang sa gayon mas maging madali ang pagtuturo ng unang wika.

### Pagtuturo ng Pangalawang Wika

Inilalahad sa bahaging ito Talahanayan 2 ang nangungunang kasagutan ng mga kalahok sa pag-aaral. Katulad sa unang wika, nahahati rin ito sa tatlong bahagi: a) Bago Magsimulang Magturo, b) Pagsisimula sa Pagtuturo, at c) Pagkatapos Magturo.

### Bago Magsimulang Magturo

Malinaw na malinaw na ipinakitang may kakayahan na makipagtulungan sa pagtuturo sa kapwa ng mga guro dahil labing-siyam (19) sa kanila ang naniniwala rito. Pumangalawa naman ang aytem 6, 8 at 9 na nakakuha ng labinlima (15) sa mga kalahok ay sumasang-ayon. Ibig sabihin nito'y halos kalahati lang sa kanila ang nakaramdam o nakaranas ng pagkakaroon ng sapat na kagamitang pampagtuturo sa pagtuturo ng pangalawang wika. Ibig sabihin, nakukulangan ang mga guro sa mga kagamitan na makatutulong sa mabilisang pagkatuto ng wika. Ang pangatlo naman ay

**Talahanayan 2**  
**Pagtuturo ng Pangalawang Wika**

	Malinaw na Malinaw na ipinapakita 3	Katamtamang Ipinapakita 2	Hindi Ipinapakita 1
A. Bago Magsimulang Magturo			
1. May sapat bang karanasan ang guro sa pagtuturo ng pangalawang wika.	13	12	
2. Sapat na oras sa pagtuturo ng pangalawang wika	5	20	
3. Sangkot ba ang adminitrasyon, mga magulang at komunidad.	9	15	1
4. May kakayahan na makipagtulungan sa pagtuturo sa kapwa.	19	6	
5. Gumagamti ng bagong kaalaman			
6. Nagbibigay ng sapat na serbisyo sa mag-aaral.	14	11	
7. Angkop ang teknolohiya sa pagtuturo			
8. Dapat malaman ang uri ng silid na paggamitan.	15	10	
9. May mga kagamitang pagtuturo na magagamit sa pagtuturo.	12	12	1
10. Gumagamit ng audio-lingual method para mahasa sa wastong bigkas	15 15	10 10	
B. Pagsisimula sa Pagtuturo	11	12	2
1. Kilalanin o pangkatin ang mag-aaral sa katatasan pangalawang wika			
2. Bumuo ng banghay-aralin			
3. Pagbibigay gawain sa mga mag-aaral na magbibigay tuon o atensyon sa mga mag-aaral sa layunin ng paksa na sa kanayan o bokabularyo na mag-uugnay sa paksa.	1	13	11
4. Paglalahad ng layunin hinggil sa paksang tinatalakay.		1	24
5. Pagbibigay ng bagong kalamayan sa pangalawang wika para sa komprehensyon		4	21
6. Ang mga mag-aaral ay bibigyan ng pagkakataon na makapagsanay sa mga bagong kaalaman na natutunan.		13	12
7. Gumagamit ng istratehiya sa pakikinig			

8. Gumagamit ng istrategiya sa pagsasalita			
9. Gumagamit ng istrategiya sa pagbabasa			
10. Gumagamit ng istrategiya sa pagsusulat	14	11	
11. Gumagamit ng iba't ibang kagamitan gaya ng ( aural, oral, visual, kinesthetic) para sa mga mag-aaral.			
12. Pagbibigay ng kasanayan upang masukat ang kakayahan ng bawat mag-aaral kung nakamtam ba ang pagkatuto ayon sa layunin ng paksa.	5	20	
13. Ang mga mag-aaral ay gumagamit ng pangalawang wika sa iba't ibang sitwasyon.	4	21	
	6	19	
14. Ginagamit ang una at pangalawang wika sa pakikipagtalastasan sa loob ng klase.	9	16	
	7	18	
15. Ang mga gawain sa pagtuturo pangalawang wika ay iniugnay sa kultura para lalong maging makabuluhan	3	22	
C. Pagkatapos ng Pagtuturo			
1. Pagbibigay ng takdang-aralin na makatutulong sa pagkatuto ng pangalawang wika.	5	20	
2. Pagtatala ng mga mithiin ng bawat mag-aaral kung naisakatuparan ang mga gawain.	14	11	
3. Pagbibigay ng karagdagang gawain na makatutulong sa mabilisang pagkatuto.	11	14	
4. Inilalahad ang tungkulin ng isang guro sa pagtuturo ng wika.			
5. Binigbigyang- patnubay ang mga mag-aaral sa kanilang tungkulin sa pagkatuto ng pangalawang wika.	11	14	
6. Sa pagtuturo ng una at pangalawang wika ay nahahasa ang mga mag-aaral sa pag-aanalisa, sintesis at pagsusukat.	23	2	
7. Bawat mag-aaral ay minomonitor ang antas ng pagkatuto ng pangalawang wika.			
8. Pagtatasa ng kakayahan sa antas o lebel ng pagkatuto.	12	13	
9. Magkaroon ng rebisyon sa tulong ng kapwa guro kung kinakailagan upang lalongmaging makabuluhan ang pagtuturo ng unang wika	20	5	
10. Handang mag-aral sa mataas na antas at dumalo sa mga seminar na magbibigay ambag sa karagdagang pagkatuto at pagtuturo sa pangalawang wika.	10	15	
	11	14	
	13		
		12	
	8	17	
	14		
		11	
	13		
		12	
	18		
		7	



Legend:

- 3- Malinaw na malinaw na ipinapakita
- 2- Katamtamang ipinapakita
- 1- Hindi ipinapakita

labing-apat (14) ang sumagot na gumamit ng bagong kaalaman. Nagsasaad lang na limitado pa rin ang kaalaman ng mga guro sa pagtuturo ng Wikang Filipino.

Katamtamang ipinapakita sa talahanayan na dalawampo (20) sa mga kalahok ay hindi kontento sa oras na inilaan sa pagtuturo ng pangalawang wika. Kulang sa kanila ang oras pagtatalakay. Pangalawa naman na nakakuha ng labinlima (15) ang pagkakasangkot ng administrasyon, magulang at komunidad sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pangatlo naman na nakakuha ng labindalawa (12) ang kasapatan sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng pangalawang wika at paggamit ng kagamitan o estratehiya sa pagtuturo. Nangangahulugang ang mga guro ay hindipa sapat ang kanyang kahandaan sa pagtuturo ng pangalawang wika.

Sa hindi naman ipinapakita, ang aytem 2 ang nangunguna na mayroong dalawang (2) guro sumagot at aytem 3 at 7 ang may sumagot na isa (1). Ibig sabihin nito ay karamihan sa mga guro ay may hindi ito naranasan ng mga guro lalong lalo na sa mga aytem na walang sumagot.

### **Pagsisimula ng Pagtuturo**

Kapansin-pansin na mababa ang sagot o kakaunti lamang sa mga guro ang malinaw na malinaw na ipinapakita maliban sa aytem 5 na nakakuha lamang ng labing-apat (14). Nagsasaad na sa pagsisimula ng guro sa pagtuturo ng pangalawang wika ay hindi naipamalas ang pagbuo ng banghay-aralin, pagbibigay ng mga karagdagang gawain para matamo ang layunin ng paksa, paglalahad ng layunin sa paksa at pagbibigay kaalaman na nahahasa ang komprehensyon.

Kabaligtaran naman ang mga gurong sumasang-ayon sa katamtamang ipinapakita dahil halos karamihan sa kanila ay nakaranas ng katamtaman lang sa kailangang isaalang-alang sa pagsisimula ng pagtuturo ng pangalawang wika. Una, dalawampu't dalawa (22) sa mga kalahok ay medyo nakaranas ng pagbibigay kasanayan sa mga mag-aaral para masukatang kakayahan sa pagkatuto. Ipinapahiwatig na ang nangangailangan pa ng mga pagsasanay ang mga guro sa pagbibigay ng mga kasanayan para sa pagsukat sa mga natutunan ng mga mag-aaral. Pangalawa, dalawampu't isa (21) ang gumamit ng estratehiyang pagsusulat. Malinaw na hindi palaging gumamit ang mga guro sa estratehiyang ito. Pangatlo, dalawampo (20) sa mga guro ang katamtamang binibigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na makapagsanay sa kanilang mga natutunan.

Sadyang hindi ipinapakita ng mga guro ang pagbuo ng banghay-aralin at pagbibigay ng gawain na nakapagbibigay tuon sa interes ng mga mag-aaral. Ibig sabihin ay halos lahat sa mga kalahok ng pag-aaral ay hindi gumagawa ng banghay-aralin. Samantalang, mula sa aytem 5 hanggang 15 ay walang sumagot kung kaya, isinasaad na katamtamang ipinapakita ng mga guro na gawin ang mga bagay sa pagsisimula sa pagtuturo.

### **Pagkatapos Magturo**

Batay sa talahanayan , dalawampu't tatlo (23) sa mga guro ay malinaw na malinaw na ipinapakita na ang mga guro ay nagbibigay ng takdang-aralin para madaragdagan ang pagkatuto ng pangalawang wika. Pangalawa, dalawampo (20) sa mga guro ang nagbibigay ng karagdagang gawain para sa mas madaling pagkatuto. Pangatlo, labing-walo (18) sa mga guro ang gusto pang dumalo ng mga seminar para sa pagpapalawak pa ng kaalaman nang sa gayon magagamit ang kanilang mga natutunan sa pagtuturo. Kapuna-puna sa talahanayan na kakaunti lamang sa mga guro ang nag-momonitor sa mga mag-aaral sa antas ng pagkatuto sa pangalawang wika.

Katamtamang ipinapakita na labimpito ( 17) sa mga guro ay nagmomonitor sa mga mag-aaral ukol sa antas ng pagkatuto. Nangangahulugang hindi gaanong binibigyang panahon ng mga guro ang kinalalabasan sa pagkatuto. Medyo ipinapakita na ang mga guro pagkatapos magturo ay naglahad ng tungkulin sa pagkatuto. Tinitingnan lang nila kung ano ang natutunan sa pangalawang wika.

Ayon sa mga sagot ng mga kalahok, malinaw na ginagawa ng mga guro ang mga bagay na nakakabuti sa mga mag-aaral. Sinisiguro ng guro na mayroong pagkatutong naganap matapos matalakay ang paksang-aralin. Patunay ito ang hindi pagsagot ng mga kalahok sa hanay 3 na hindi ipinapakita ang mga katangian nabanggit matapos ang pagtuturo.

### **Tugon ng mga Guro**

Makikita sa talahanayan 3, Tugon ng mga guro na batayan sa pangkalahatang tugon o kasagutang ng mga guro sa panayaman sa pagtuturo ng unang wika ay nahahirapan sa pagtuturo ang mga guro dahil bago pa ang pagtuturo ng wika at ang alam ng mga mag-aaral ay simpleng mga salita lamang, may kahirapan dahil hindi pa

masyadong handa magturo at hindi rin sapat ang mga kagamitang pagtuturo, may lungkot na nadarama dahil batid na kinakailangan pa ang pagkatuto sa pagtuturo ng wika para lalong mapaunawa sa mag-aaral, kung kaya nagbibigay ng gawain ang mga guro ng unang wika gaya ng isang laro o mga larawan para mas mapadali o kaya gagawing sa pinakasimpleng paraan na maiintindihan ng mag-aaral at sa pagbibigay ng mga takdang-aralin ay kasangkot ang mga magulang upang matulungan ang kanilang mga anak na mapadali ang pag-unawa at pagkatuto. Sa pagtuturo ng pangalawang wika ay para sa mga guro na nagtuturo ng pangalawang wika ( Filipino ) ay mas madaling ituro dahil may ideya na o kalaaman sa wika ang mga mag-aaral at nakapagsasalita na rin sila, madali ring ituro ang wika dahil sa karanasan ng mga mag-aaral sa panonood sa telebisyon at mga babasahin, ayos din lang naman ang pagtuturo dahil nakakahanap agad ng paraan para higit na mapabuti at matagumpay ang pagtuturo at nagbibigay ng halimbawa ng karagdagang pagsasanay para higit na makapag-isip sa gagawing kasanayan, para rin sa kanila sangkot parin ang mga magulang pero hindi gaano dahil ang mga mag-aaral ay may sapat ng nalalaman sa mga takdang-aralin na ibinibigay.

### Talahanayan 3 Tugon ng mga Guro

Pakikipanayam sa mga Guro	Unang Wika ( Katutubong Wika )	Pangalawang Wika ( Filipino )
1. Ano ang masasabi mo sa iyong pagtuturo	May kahirapan sa pagtuturo dahil bago pa ang pagtuturo ng wika at ang alam ng mga mag-aaral ay simpleng mga salita lamang.	Mas madaling ituro dahil may ideya na o kalaaman sa wika ang mga mag-aaral at nakapagsasalita na rin sila.
2. Madali bang ituro ang wika?	Mahirap dahil hindi pa masyadong handa magturo at hindi rin sapat ang mga kagamitang pagtuturo.	Madali lamang ituro kahit papaano ang wika dahil sa karanasan ng mga mag-aaral sa panonood sa telebisyon at mga babasahin
3. Ano ang iyong saloobin o damdamin kapag hindi masyadong matagumpay ang pagtuturo?	Malungkot dahil batid na kinakailangan pa ang pagkatuto sa pagtuturo ng wika para lalong mapaunawa sa mag-aaral.	Ayos lang naman dahil nakakahanap agad ng paraan para higit na mapabuti at matagumpay ang pagtuturo.
4. Anong paraan ang iyong ginagawa kapag may kahirapan sa pagtuturo	Nagbibigay ng gawain gaya ng isang laro o mga larawan para mas mapadali o kaya gagawing sa pinakasimpleng paraan na maiintindihan ng mag-aaral.	Pagbibigay ng halimbawa ng karagdagang pagsasanay para higit na makapag-isip kung paano gagawin ang mga kasanayang ginawa.
5. Sinasangkot mo rin ba ang mga magulang sa pagtuturo?	Oo, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga takdang-aralin na sangkot ang mga magulang upang matulungan ang kanilang mga anak na mapadali ang pag-unawa at pagkatuto.	Oo, pero hindi gaano dahil ang mga mag-aaral ay may sapat ng nalalaman sa mga takdang-aralin na ibinibigay.

Sa Kabuuan ay dapat pa rin pagtutuunan ng pansin ang pagtuturo ng unang wika ( katutubong wika ) dahil ito ay nagsisimula pa lamang at dapat pa ring patatagin at magsagawa pa rin ng kaukulan pag-aaral upang maging matagumpay at mapahalagahan samantalang ang pangalawang wika ( Filipino ) ay katatagan na ito ngunit dapat pa rin pakinisin, tangkilikin, gamitin at paunlarin dahil ito ay an gating lengua franca na ginagamit at naununawaan sa lahat ng transaksyon pampamahalaan.

### V. V.NATUKLASAN

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral at resulta ng nalikom na datos ay may kinakaharap na suliranin ang mga guro sa pagtuturo ng unang wika ay ang kakulangan sa karanasan ng pagtuturo ng unang wika, sapat na oras, paggamit ng angkop na teknolihiya at ang paggamit ng audio-lingual method para mahasa sa wastong bigkas Sa pangalawang wika naman ay sangkot ba ang administrasyon, mga magulang at komunidad, angkop na teknolohiya sa pagtuturo at paggamit ng audio-lingual method para mahasa ang wastong bigkas.

Sa pagsasagawa ng pagtuturo ng unang wika dapat kilalanin o pangkatin ang mga-aaral sa katatagan ng unang wika, bumuo ng banghay aralin, pagbibigay ng gawain sa mga mag-aaral na magbibigay ng tuon o



atensyon sa mga mag-aaral sa layunin na sa kasanayan o bokabularyo, paglalahad ng layunin sa paksang tinalakay, pagbibigay ng bagong kaalaman sa unang wika para sa komprehensyon, pagbibigay ng pagkakataon na makapagsanay sa bagong kaalaman at gamitin ang unang wika sa iba't ibang sitwasyon, pakikipagtalastasan sa loob ng klase at ang pag-uugnay ng unang wika sa kulturapara lalong maging makabuluhan

Habang ang pangalawang wika naman ay nararapat ang kilalanin o pangkatin ng mag-aral sa katatasan, pagbuo ng banghay-aralin sa pagbibigay ng gawain sa mga mag-aaral na magbibigay ng tuon o atensyon sa mga mag-aaral sa layunin na sa kasanayan o bokabularyo, paglalahad ng layunin sa paksang tinalakay.

Sa epekto sa pagkatuto at pagtuturo sa unang wika, dapat pa ring magbigay ng takdang aralin na makatutulong sa pagkatuto tungkulin ng guro, pagbibigay patnubay sa mga mag-aaral sa pag-aanalisa, sintesis at pagsusukat, pagmomonitor sa antas ng pagkatuto, pagtatasa ng kakayahan sa antaso lebel ng pagkatuto, magkaroon ng rebisyon sa tulong ng kapwa guro kung kinakailangan upang lalong maging makabuluhan sa pagtuturo ng unang wika at handang mag-aral sa mataas na antas at dumalo sa mga seminar na magbibigay ambag sa karagdagang pagkatuto at pagtuturo sa unang wika pa, samantalang sa pangalawang wika ay hindi kakikitaan ng kahirapan sa pagtuturo sa kadahilanang higit na matatag na ang pagtuturong pangalawang wika.

## VI. KONGKLUSYON

Sa kabuuan ng pag-aaral ay higit na madali ang pagtuturo ng pangalawang wika ( wikang Filipino ) sa kadahilanang matatag na ang wika, may sapat na karanasan ang mga guro, may angkop na kagamitang pagtuturo na gagamitin, malawak ang suporta ng pamahalaan at may konstitusyon na nagbibigay kautusan sa paggamit sa pagtuturo samantalang ang unang wika ( katutubong wika ) ay hindi pa gaanong handa ang mga guro dahil salat pa sa karanasan at kulang pa sa angkop na kagamitang pagtuturo, at itinaturo lamang sa una hanggang ikatlong baitang at kinakailangan pagtuunan pa ng pansin ang paghahanda at pagsisimula sa pagtuturo na nangangailang pang paunlarin at paigtingin dahil dito nakabatay ang kalakasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa unang wika

## VII. REKOMENDASYON

Bunga ng isinagawang pag-aaral ay inirerekomenda ang sumusunod na:

1. tiyakin na ang mga guro na magtuturo sa unang wika at pangalawang wika ay may sapat na karanasan sa pagtuturo, pagbibigay ng sapat na oras sa pagtuturo, gumamit ng angkop na teknolohiya na gagamitin sa pagtuturo' gamitin ang iba't ibang metodo para sa audio-lingual para mahasa sa wastong pagbigkas;
2. kilalanin sa katatasan sa wika ng mga mag-aaral, gawing makabuluhan ang banghay-aralin bilang gabay sapagtuturo;
3. gamitin ang una at pangalawang wika sa pakikipagtalastasan sa loob ng klase at magbigay patnubay sa mga mag-aaral sa tungkulin sa pagkatuto ng wika;
4. magbigay ng rebisyon sa tulong ng kapwa guro kung nararapat upang maging makabuluhan ang pagtuturo at mag-aral sa mataas na antas at dumalo sa mga seminar na magbibigay ambag sa karagdagang pagkatuto at pagtuturo sa wika.

## MGA SANGGUNIAN

- [1] Block, D. (2007 ). Second Language Identities. London: Continuum
- [2] Cooper, R.L. (1989 ). Language planning and Social Change, Cambridge England: Cambridge Univeristy Press.
- [3] Gay L. et al, ( 2006 ) Educational Research: Competencies Analysis and Application ( 8<sup>th</sup> Edition ). New York: Prentice Hall.
- [4] Glaser, B.G. ( 1998 ). Dong Grounded Theory: Issues and Discussions. Mill Valley CA: Sociology Press.
- [5] Chomsky, N. ( 1965 ). Aspects of the Theory of syntax” The M.I.T. press.
- [6] Kerns Trish at Marilyn Knight- Medelson (2006). ESL New Teacher Resource Guide. California Adult Literacy
- [7] Professional development Project American Institutes for Research. Sacramento California. Ocampo, N.2002. Mga Varayti ng Wika.
- [8] Nasa Minanga: Mga Babasahin sa Varayti at Varyasyon ng Filipino. Inedit nina Peregrino, J., Constantino, P., Ocampo, N. Quezon City: Sentro ng Wikang
- [9] Filipino, Unibersidad ng Pilipinas.
- [10] O'Malley, J.M. Chamot. A.U. Stewer- Manzanares, G., Cooper, L., & Russo, R. P. ( 1985). Learning Strategies Used By Beginning and Intermediate ESL Students. Language Learning, (35 ),21-46.
- [11] Oxford, R. L. (1990 ). Language Learning Strategies: What every teacher should know. Boston: Heinle & Heinle.
- [12] Oxford, R. L. ( 2011 ). Teaching and Reseaching Language Learning Strategies. London: Longman.

- [13] Oxford, R. L. & Nyikos, M. (1989). Variables Affecting Choice of Language Learning Strategies by University Students. *Modern Language Journal*, 73,291- 300
- [14] Piaget, J ( 1971 ). *Biology and Knowledge*. University of Chicago Press.